# Abiso sa Mga Empleyado

EDD Employment Development Department State of California

**Ang employer na ito ay nakarehistro sa Departamento ng Pagpapaunlad ng Employment (Employment Development Department - EDD) gaya ng kinakailangan ng Code ng Insurance para sa walang trabaho sa California (California Unemployment Insurance Code) at nag-uulat ng mga wage credit sa EDD na naiipon para sa iyo upang magamit bilang batayan para sa:**

## UI

### Insurance para sa Walang Trabaho (Unemployment Insurance)

(pinopondohan nang buo ng mga buwis ng employer)

Ang Insurance para sa Walang Trabaho (Unemployment Insurance - UI) ay binabayaran ng iyong employer at nagbibigay ng hindi buong panghalili sa kita kapag wala kang trabaho o nabawasan ang iyong mga oras ng trabaho nang hindi mo kasalanan. Upang maghabol ng mga pagbabayad ng benepisyo sa UI, kailangan mo ring matugunan ang lahat ng kinakailangan sa pagiging kwalipikado sa UI, kabilang ang pangangailangan mong maging available para sa trabaho at paghahanap ng trabaho.

**Paano Maghain ng Bagong Paghahabol sa UI**

Gamitin ang isa sa mga sumusunod na pamamaraan:

- **Online:** Ang UI Online[SM] ang pinakamabilis at pinakamadaling paraan upang ihain ang iyong paghahabol sa UI. Bisitahin ang UI Online (edd.ca.gov/UI_Online) upang magsimula.
- **Telepono:** May mga makakausap na kinatawan sa mga sumusunod na libreng numero, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 12 ng tanghali (Pacific Standard Time) maliban na lang sa mga holiday ng estado.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| English | 1-800-300-5616 | Cantonese | 1-800-547-3506 | Vietnamese | 1-800-547-2058 |
| Spanish | 1-800-326-8937 | Mandarin | 1-866-303-0706 | TTY | 1-800-815-9387 |

- **Fax o Mail:** Kapag ina-access ang UI Online upang maghain ng bagong paghahabol, bibigyan ang ilang customer ng tagubiling i-fax o ipadala sa pamamagitan ng sulat ang kanilang aplikasyon sa UI sa EDD. Kung mangyayari ito, lalabas ang *Unemployment Insurance Application* (DE 1101I). Para sa mas mabilis at mas ligtas na pagpoproseso, i-fax ang nakumpletong form sa numerong nakalista sa form. Kung ipapadala ang iyong aplikasyon sa UI sa pamamagitan ng sulat, gamitin ang address sa form at maglaan ng karagdagang oras para sa pagproseso.

Mahalaga: Maaaring maantala ng paghihintay na ihain ang iyong paghahabol sa UI ang mga pagbabayad ng benepisyo

## DI

### Insurance para sa May Kapansanan (Disability Insurance)

(pinopondohan nang buo ng mga kontribusyon ng mga empleyado)

Ang Insurance para sa May Kapansanan (Disability Insurance, DI) ay pinopondohan ng mga kontribusyon ng mga empleyado at nagbibigay ng mga benepisyo ng hindi buong panghalili sa sahod sa mga kwalipikadong taga-California na hindi makapagtrabaho dahil sa isang sakit na walang kaugnayan sa trabaho, pinsala sa katawan, pagbubuntis, o kapansanan.

Dapat ibigay ng iyong employer ang *Disability Insurance Provisions* (DE 2515) (Mga Probisyon ng Insurance para sa May Kapansanan) brochure, sa mga bagong empleyado at sa bawat empleyadong hindi makapagtrabaho dahil sa isang sakit na walang kaugnayan sa trabaho, pinsala sa katawan, pagbubuntis, o kapansanan.

**Paano Maghain ng Bagong Paghahabol sa DI**

Gamitin ang isa sa mga sumusunod na pamamaraan:

- **Online**: Ang SDI Online ang pinakamabilis at pinakamadaling paraan upang ihain ang iyong paghahabol. Bisitahin ang SDI Online (edd.ca.gov/SDI_Online) upang magsimula.
- **Sulat**: Upang maghain ng paghahabol sa EDD sa pamamagitan ng sulat, magsagot at magsumite ng form ng *Claim for Disability Insurance (DI) Benefits* (DE 2501). Maaari kang makakuha ng papel na form ng paghahabol mula sa iyong employer, doktor/practitioner, pagbisita sa isang tanggapan ng Insurance para sa May Kapansanan sa Estado (State Disability Insurance), online sa EDD Forms and Publications (edd.ca.gov/Forms), o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-480-3287.

**Tandaan**: Kung nagpapatupad ang iyong employer ng naaprubahang Boluntaryong Plano para sa pagsasaklaw sa DI, makipag-ugnayan sa iyong employer upang humingi ng tulong.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa DI, bisitahin ang State Disability Insurance (edd.ca.gov/disability) o tumawag sa 1-800-480-3287. Ang mga empleyado ng pamahalaan ng estado ay dapat tumawag sa 1-866-352-7675. Available ang TTY (para lang sa mga indibidwal na bingi o may kapansanan sa pandinig) sa 1-800-563-2441.

## PFL

### May Bayad na Pagliban para sa Pamilya

(pinopondohan nang buo ng mga kontribusyon ng mga empleyado)

Ang May Bayad na Pagliban para sa Pamilya (Paid Family Leave - PFL) ay pinopondohan ng mga kontribusyon ng mga empleyado at nagbibigay ng mga benepisyo ng hindi buong panghalili sa sahod sa mga kwalipikadong taga-California na kailangang lumiban sa trabaho upang alagaan ang isang anak, magulang, biyenan, lolo o lola, apo, kapatid, asawa, o nakarehistrong kinakasama na may malubhang sakit, magulang or anak ng sundalong nakadestino sa ibang bansa.

Dapat ibigay ng iyong employer ang brochure ng Paid Family Leave, (DE 2511), sa bawat empleyadong lumiliban sa trabaho upang alagaan ang isang kapamilyang may malubhang sakit o upang makasama ang isang bagong anak o sa mga sundalong lumalahok sa mga gawaing militar.

**Paano Maghain ng Bagong Paghahabol sa PFL**

Gamitin ang isa sa mga sumusunod na pamamaraan:

- **Online**: Ang SDI Online ang pinakamabilis at pinakamadaling paraan upang ihain ang iyong paghahabol. Bisitahin ang SDI Online (edd.ca.gov/SDI_Online ) upang magsimula.
- **Sulat**: Upang maghain ng paghahabol sa EDD sa pamamagitan ng sulat, magsagot at magsumite ng form ng *Claim for Paid Family Leave (PFL) Benefits,* (DE 2501F). Maaari kang makakuha ng papel na form ng paghahabol mula sa iyong employer, isang doktor/practitioner, pagbisita sa isang tanggapan ng Insurance para sa May Kapansanan sa Estado (State Disability Insurance), online sa EDD Forms and Publications (edd.ca.gov/Forms), o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-238-4373.

**Tandaan:** Kung nagpapatupad ang iyong employer ng naaprubahang Boluntaryong Plano para sa pagsasaklaw sa PFL, makipag-ugnayan sa iyong employer upang humingi ng tulong.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa PFL, bisitahin ang State Disability Insurance (edd.ca.gov/disability) o tumawag sa 1-877-238-4373. Ang mga empleyado ng pamahalaan ng estado ay dapat tumawag sa 1-877-945-4747. Available ang TTY (para lang sa mga indibidwal na bingi o may kapansanan sa pandinig) sa 1-800-445-1312.

**Tandaan**: Ang ilang empleyado ay maaaring hindi nasasaklawan ng mga programa ng insurance sa itaas. Ilegal ang paggawa ng hindi totoong pahayag o pagkait ng impormasyon. Para sa karagdagang pangkalahatang impormasyon, bisitahin ang EDD (edd.ca.gov).